Republic of the Philippines
Province of Laguna
MUNICIPALITY OF SANTA CRUZ

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA- 8 NG PEBRERO, 2001, HUWEBES, SA GANAP NA IKA-9:30 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. HEIDI S. CIRIACO | .................................. | Pang. Punong Bayan<br>Tagapangulo |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | .................................. | Kagawad |
| Kgg. Florencio C. Odejar | .................................. | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | .................................. | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | .................................. | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon | .................................. | Kagawad |
| Kgg. Ariel T. Magcalas | .................................. | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | .................................. | Kagawad |
| Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan | .......................... | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor | .................................. | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Angelito U. Limjuco | .................................. | Kagawad |

*KAPASIYAHAN BLG. 055-T'2001*

*KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG PAGLIKHA NG HUMAN RESOURCE MANAGEMENT DEPARTMENT AT POSISYONG HUMAN RESOURCE MANAGEMENT OFFICER V.*

*SAPAGKA'T*, iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang kahilingan ng Kgg. Punong Bayan Domingo G. Panganiban na makalikha ng Human Resource Management Deparment at posisyong Human Resource Management Officer V sa bayang ito;

SAPAGKA'T, matapos na ito ay matalakay at malaman ang kahalagahan ng paglikha ng nasabing posisyon at tanggapan sa pamamahala ng malaking bilang ng mga naglilingkuran sa pamahalaang bayan at pagtugon sa pangangailangan ng bayang ito na nabibilang na isang "first class municipality" ay ipinasya ng Tagapamuno ng Lupon sa Good Government ng Sang. Bayan na irekomenda ang paglikha ng nasabing posisyon at tanggapan;

SAPAGKAT' ang nasabing posisyon at tanggapan ay magsisilbing mahalagang bahagi ng pamahalaang bayan tungo sa epektibong pagpapatupad ng pamamahala ng mga tauhan.

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO*, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Eugenio A. Javier, Jr. , na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Louie C. de Leon at Bernardo E. Ison at sa buong pagsang-ayon ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN* : Na pagtibayin ang paglikha ng Human Resource Management Department at posisyong Human Resource Management Officer V.

*INIUUTOS*: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Sangguniang Panlalawigan, Kgg. Punong Bayan, Panlalawigang Pinuno sa Serbisyo Sibil at Pinunong Pantauhan, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY.*

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO: KGG. HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY: KGG. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan